

# Iba't Ibang Mukha NG Pagsupil SA Karapatan NG TAO SA MGA Tulang Makabayan Ni Amado V. Hernandez

**\*EDERLINA M. REBADULLA, PhD**

Faculty, College of Arts and Communication

University of Eastern Philippines

University Town, Catarman, Northern Samar

[dearlyrebadulla@gmail.com](mailto:dearlyrebadulla@gmail.com)

## **ABSTRACT-**

**Layunin:** Ang pag-aaral na ito ay naglayong mailarawan ang iba't ibang anyo ng kabayanihan at pagsupil sa karapatan ng tao ang masalamin sa mga tulang makabayan ni Amado V. Hernandez.

**Metodolohiya:** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong palarawang uri ng pananaliksik gamit ang pagsusuring tekstwal na tumuon sa pagsusuri, paglalarawan at pagpapakahulugan sa mga piling tula ni Amado V. Hernandez na may temang makabayan upang matukoy ang kabayanihan at mga pagsupil sa karapatan ng tao na nakapaloob sa tula.

**Natuklasan:** Masasabing ang mga akda ni Amado V. Hernandez ay kinakitaan ng mga kabayanihan ng pagmamahal sa bayan; gaya ng kagitingan sa pakikipaglaban para sa bayan mula sa mga dayuhan, pagsasakripisyo sa kulungan para panindigan ang bayan, pagsasakripisyo para sa kapakanan ng nakararami at para sa bayan; pagtatanggol sa kalayaan ng bansa, pagbubuwis ng buhay para sa kasarinlan at ang pagiging makabayan. Sa pagsusuri hinggil sa mga pagsupil, natuklasan na karamihan sa mga ito ay paglabag sa karapatang sibil gaya ng pagsasamantala sa kahirapan; hindi pantay-pantay na pagtingin sa mga mamamayan (social inequality); di makataong pagtrato sa mga bilanggo; kawalan ng layang mamuhay at tumayo sa bansang ngsasarili at iba pa. Mayaman din sa mga tayutay ang mga tula at ang pinakagamitin ay ang pagpapalit-tawag. Mababasa din ang mga simbolismo gaya ng pakpak at bagwis; Gresya at Roma; bahaghari, panday, bakal at iba pa. Matutukoy din ang kahalagahan ng mga mensaheng nakapaloob sa mga tulang akda ni AVH, Ang mga mensaheng ito ay masasabing pawang makatotohanan pa rin ang mga pangyayari sapagkat nangyayari pa rin sa ito sa kasalukuyang panahon. Hindi maikukubli na sa kasalukuyang panahon. problema pa rin ang kahirapan dahil dito maraming tao ang gumagawa ng labag sa batas kahit na labag sa kalooban o tinatawag na kapit sa patalim kaya ang nangyayari maraming buhay ang napupunta sa kawalan, nabibilanggo at namamatay.

**Kongklusyon:** Ang mga tula ni AVH ay puno ng kabayanihan at pagsupil sa karapatang pantao. Mayaman din sa tayutay at simbolismo. Mahalaga pa rin ang mga mensaheng nakapaloob sa mga tula sapagkat nangyayari pa rin ito sa kasalukuyan. Kaya ang bansa ay kailangan ng isang magiting at huwarang lider para sa bayan nang sa ganoon ay maiangat ang karapatang pantao ng mga Pilipino sa pagkakamit ng kaunlaran ng bansa.

**Keywords—***Kabayanihan; Lipunang makatao; Pagsupil sa karapatan; Tulang makabayan; Tayutay at Simbolismo*

## 1. INTRODUKSYON

“Kapag may katwiran, ipaglaban” ito ay isang palasak na kasabihang nagsisislbing pamantayan upang maipagtanggol ang karapatan ng bawat nilalang. Malinaw na pinahahalagahan ng pamayanang Pilipino ang pagtataguyod at pagtatanggol sa karapatan ng bawat mamamayang Pilipino. Totoong ang paglalaan at paggalang sa karapatan ng tao ay lilikha na isang maunlad at mapayapang pamumuhay. Ang paglalarawan ng mga ganitong katotohanan ay naipipinta nang may kahusayan at damdamin sa mga akdang pampanitikan. Gaya ng pag-ibig at kaligayahan, ang panitikan ay nagpapayaman ng kaisipan at karanasan, nagpapalalim ng pag-unawa, lumilintang ng kamalayang pansarili, panlipunan at pambansa, at nagpapahalaga ng mga karanasang nagiging timbulan sa oras ng pangangailangan.

Subalit sa kabila ng buting idinudulot nito sa paglinang ng kamalayan lalo na sa mag-aaral, ang panitikan ay isa sa kalimitang itinuturing ng mga mag-aaral na pinakamahirap na asignatura. Sa kadahilanang, karamihan sa kanila ay nawawalan ng sapat na panahon sa pagbabasa sapagkat para sa kanila ay walang naman itong maidududlot na kahalagahan sa praktikal na pag-unlad sa buhay. Nariyan din ang ng pagkahumaling sa paglalaro sa kompyuter at internet na kumikitil sa interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa lalo na sa pampanitikang akda.

Ang pag-aaral na ito ay naglayong mailarawan ang iba't ibang anyo ng kabayanihan at pagsupil sa karapatan ng tao na masalamin sa mga tulang makabayan ni Amado V. Hernandez. Layunin ng pag-aaral ay ang mga sumusunod : matukoy ang mga kabayanihang inilarawan sa tula; matukoy ang mga pagsupil sa karapatan ng tao; masusing masuri kung paano inilarawan ang mga kabayanihan at mga pagsupil sa karapatan ng tao ayon sa repleksyon nito sa tula gaya ng: (a) paggamit ng tayutay o talinghaga; (b) paggamit ng larawang diwa; at (c.) paggamit ng simbolismo; at matukoy ang pagpapahalaga sa tula na may kaugnayan sa kasalukuyang panahon.

Ang tula ay isang mahalagang sangay ng panitikan. Sa pamamagitan ng tula ay nagkakaroon ng pagbabagong-hugis ang ating buhay dahil taglay nito ang lahat ng bagay na nangangailangan ng kagandahan at katotohanan.

Ayon kina Alejandro at Pineda sa aklat ni Villafuerte, ang tula ay isang pagbabagong-hugis sa buhay – isang paglalarawan ng buhay na hinango sa guniguni, na pinararating sa ating damdamin at ipinahahayag sa pananalitang nag-aangkin ng tumpak sa aliw-iw at lalong mainam sa mga sukat at tugma.

Ang mga tula ay naglalarawan ng kagandahan na maaaring tularan ng mga mambabasa at mag-aaral sa kanilang buhay.

Mapapansin sa kasalukuayan na mangilang- ngilan na lamang sa mga mag-aaral ang nahuhumaling sa indayog at karikatan ng matatalinhagang pananalita. Kaya sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga tula at pagbibigay-diin nito sa pagtuturo sa mga silid-aralan ay muling manunumbalik ang sigla ng panulaan. Hindi lamang ito magbubukas ng daan upang matuklasan ng mga mag-aaral ang lubahng napakahalagang anyo ng panulaang maaaring magsilbing tulay sa pagbabahagi ng kanilang ekspresyon, damdamin at mithiin sa buhay higit ay ang pagyakap nila sa nakakabighaning mga panitik.

## 2. PAMAMARAAN o METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong palarawang uri ng pananaliksik gamit ang pagsusuring tekstwal na tumuon sa pagsusuri, paglalarawan at pagpapakahulugan ng piling tula ni Amado V. Hernandez na may tema ng makabayan upang matukoy ang kabayanihan at mga pagsupil sa karapatan ng tao na inilarawan ng tula.

### 2.1 Paglalarawan ng Pagpili ng Sampol

Gumamit ng “purposive sampling” sa pagpili ng tula at nararapat tumugon sa sumusunod na mga pamantayan:

- a. Kailangang kathang nasulat ni Amado V. Hernandez
- b. Kailangan ng temang kabayanihan o temang makabayan
- c. Kailangang nagpapakita ng mga pagsupil sa karapatang pantao.

Ang sampol ay binubuo ng sampung (10) piling tula - Bayan, Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan, Isang Dipang Langit, Panata ng Kalayaan, Banyaga, Ang Panday, Mahatma Ghandi, Lupa, Bonifacio, Tinapay

### 2.2 Mga Hakbang sa Paglikom at Pagsusuri ng mga Datos

1. Masusing pagbabasa ng mga kathang tula ni Hernandez.
2. Pinili sa mga tulang nabasa ang tumutugon sa mga pamantayang hinihingi ng pagsusuring pampanitikan angkop sa pagsasaliksik na ito.
3. Gumawa ng “template” at talaan ng mga datos bilang kasagutan sa suliranin ng pagsasaliksik na ito.
4. Tinukoy at sinuri ang mga pangyayaring maituturing na angkop at makabuluhan sa makabagong panahon.

## 3. NATUKLASAN NG PAG-AARAL

Ang mga sumusunod ay ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito;

Para sa kabuuang pagsusuri ng kabayanihan mula sa sampung tula na ginamit sa pag-aaral na ito, masasabing ang mga akda ni AVHernandez ay kinakitaan ng mga kabayanihan at nangibabaw ang pagmamahal sa bayan na may iba’t ibang mukha ng kabayanihan gaya ng kagitingan sa pakikipaglaban para sa bayan mula sa mga dayuhan; pagsasakripisyo sa kulungan para sa paninindigan sa bayan, pagsasakripisyo para sa kapakanan ng nakararami; pagsasakripisyo para sa bayan; pagtatanggol sa kalayaan ng bansa, pagbubuwis ng buhay para sa kasarinlan at ang pagiging makabayan. Masasalamang din sa mga tula ang iba pang kabayanihan tulad ng paggawa nang mabuti ng walang inaasahang kapalit; pagsagip ng buhay sa kabila ng panganib; pagtatanggol sa katarungan at katotohanan; pagmamalasakit at pagbabangon sa mga dukha at maliliit; pakikipaglaban sa mga tirano (tyranny); pagpapahalaga sa mga naiambag ng ating mga bayani; pagiging magiting at huwaring lider; pagpapahalaga sa likas na yaman, pagsisilbi sa bayan at pakikipaglaban sa mapayapang paraan. Sa mga nabanggit na kabayanihan sa mga tula ni Hernandez lumitaw at nangibabaw ang pagmamahal sa bayan.

## Talahanayan 1. LAGOM NA TALAHANAYAN NG KABAYANIHAN SA MGA TULANG

## MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ

Mukha ng Kabayanihan	Bayani	Kung Tuyo na ang Luha MO Aking Bayan	Isang Dipang Langit	Panata ng Kalayaan	Banyaga	Ang Pandaay	Mahatma Ghandi	Lupa	Bonifacio	Tinapay	Kabuan
1. Paggawa ng mabuti na walang inaasahang kapalit	1										1
2. Pagsagip ng buhay sa kabila ng panganib	1										1
3. Pagmamahal sa bayan	1	1	1		1	1	1	2	1	1	10
• Kagitingan sa pakikipaglaban para sa bayan mula sa mga dayuhan		1						1			2
• Pagsasakripisyo sa kulungan para sa paninindigan sa bayan			1								1
• Pagsasakripisyo para sa kapakanan ng nakararami	1									1	2
• Pagsasakripisyo para sa bayan							1	1			2
• Pagtatanggol sa kalayaan ng bansa						1					1
• Pagbubuwis ng buhay para sa kasarinlan									1		1
• Pagiging makabayan					1						1
4. Pagtatanggol sa katarungan at katotohanan				1							1
5. Pagmamalasakit at pagbabangon sa mga dukkha at maliliit				1							1
6. Pakikipaglaban sa mga tirano				1							1
7. Pagpapahalaga sa mga naiambag ng ating mga bayani									1		1
8. Pagiging magiting o huwaran na lider							1		1		2
9. Pagpapahalaga sa likas na yaman						1	1				2
10. Pagsisilbi sa bayan							1				1
11. Pakikipaglaban sa mapayapang paraan							1				1

Sa kabuuang pagsusuri hinggil sa mga pagsupil, natuklasan na karamihan sa mga ito ay paglabag sa karapatang sibil gaya ng pagsasamantala sa kahirapan; hindi pantay-pantay na pagtingin sa mga mamamayan (social inequality); di makataong pagtrato sa mga bilanggo; kawalan ng layang mamuhay at tumayo sa bansang ngsasarili at iba pa. Pumangalawa ay ang paglabag sa karapatang sosyal at ekonomiko gaya ng hindi tamang pasahod at paglabag sa karapatang magkaroon ng sariling lupa at ari-arian. Pareho ang bilang ng paglabag sa mga karapatang pulitikal, paglabag sa karapatan ng malayang pamamahayag gayundin ang paglabag sa likas na karapatan katulad ng karapatang mabuhay.

**Talahanayan 2. LAGOM NA TALAHANAYAN NG PAGSUPIL SA KARAPATAN NG TAO SA MGA TULANG MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ**

Mukha ng Pagsupil sa Karapatan ng Tao	Bayani	Aking Bayan	Kung Tuyo na ang Luha MO	Isang Dipang Langit	Kalayaan ng	Panata ng	Banyaga	Ang Pandaay	Mahatma Ghandi	Lupa	Bonifacio	Tinapay	Kabuan
1. Makatanggap ng tamang pasahod	1												1
2. Karapatang magkaroon ng sariling lupa at ari-arian	1	2											3
3. Malayang pamamahayag	1				1								2
4. Pananakop at pang-aapi ng ibang bansa								1		1			2
5. Pagsasamantala sa kahirapan										1			1
6. Pagiging bilanggo				3						1			4
7. Mabigyan ng tamang pagkain at lugar ang isang bilanggo					1					1			2
8. Paglapastangan sa kalayaan ng bansa								1					1
9. Kawalang mamuhay at tumayo sa bansang nagsasarili							1						1
10. Social inequality/Hindi pantay na katayuan sa buhay							1						1
11. Diskriminasyon ng lahi (racial discrimination)							1						1
12. Pagkait sa tao ng karapatang mahal ang bayan							1						1
13. Tamang pagtanaw ng batas (due process of law)					1								1
14. Malayang pagsamba/relihiyon					1								1
15. Malayang pamumuhay at paninirahan					1								1
16. Maayos na paglilibing sa mga namatay					1								1
17. Pagbabawal sa paggamit ng sariling wika		1											1
18. Pagiging malaya		1											1
19. Karapatang mabuhay		1										1	2
20. Karapatan ng bata na makakain nang wasto												1	1

**Talahanayan 2.a. LAGOM NA TALAHANAYAN NG PAGSUPIL SA KARAPATAN NG TAO SA MGA TULANG MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ**

MGA KARAPATANG PANTAO	BILANG	RANGGO
Karapatang Sibil	14	1
Sosyal at Ekonomikal	3	2
Pulitikal	2	3
Likas	2	3.5

Sa kabuuang pagsusuri sa mga istilo ng paglalarawan sa mga tulang ginamit sa pag-aaral na ito, makikita dito ang paggamit ng mga tayutay na siyang binigyang pansin ng may-akda sa kanyang pagsulat ng tula. Pinakagamitin na tayutay ay ang pagpapalit-tawag, ang paggamit ng sagisag o palatandaan para sa mga bagay na sinasagisag. Gumamit din ang may-akda ng mga simbolismo sa kanyang mga tula gaya ng pakpak at bagwis; Gresya at Roma; bahaghari, panday, bakal at iba pa; ganoon din ng mga larawang diwa. Ang mga ito ang nagpapaganda at nagbibigay kasiningan sa kanyang mga panulat.

Talahanayan 3. **LAGOM NA TALAHANAYAN SA ISTILO NG PAGLALARAWAN SA MGA TULANG****MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ**

ISTILO NG PAGLALARAWAN	Bayani	Aking Bayan	Kung Tuyo na ang Luha MO	Isang Dipang Langit	Panata ng Kalayaan	Banyaga	Ang Pandaay	Mahatma Ghandi	Lupa	Bonifacio	Tinapay	Kabuuan
<b>A. TAYUTAY</b>												
1. Pagmamalabis	1	1							1			3
2. Paglilipat-wika									1			1
3. Pagpapalit-tawag		3				3		1	1			8
4. Pagwawangis				1			1			1	1	4
5. Pagtatao/Personipikasyon				1	1		1					3
6. Pagtutulad				4						1		5
7. Pagtawag		1										1
8. Pagsalungat		1										1
9. Tanong retorikal/Pagtatanong					1			1				2
10. Pagpapalit-saklaw									1			1
<b>B. LARAWANG-DIWA</b>	1			1	1		1			1	1	6
<b>C. SIMBOLISMO</b>	1	1		1	2		1				1	7

Talahanayan 3.a. **LAGOM NA TALAHANAYAN SA ISTILO NG PAGLALARAWAN SA MGA TULANG****MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ**

ISTILO NG PAGLALARAWAN	TAYUTAY	LARAWANG-DIWA	SIMBOLISMO	KABUUAN	RANGGO
Pagsupil sa karapatan	21	5	5	31	1
Kabayanihan	9	3	2	<b>14</b>	<b>2</b>
Kabuuan	30	8	7	45	
Ranggo	1	2	3		

Sa kabuuang pagsusuri naman sa mga mensaheng nakapaloob sa mga tulang ginamit sa pag-aaral na ito, makikita ang iba't ibang mensahe sa mga tula ni Hernandez. Ang mga mensaheng nakapaloob sa mga tula niya na pawang makatotohanan ay nangyayari pa rin sa kasalukuyan. Hindi maikukubli na sa kasalukuyang panahon ang bansa ay naghahirap pero hindi pa rin dapat mawalan ng pag-asa. At dahil sa kahirapang ito maraming tao ang gumagawa ng labag sa batas kahit na labag sa kalooban o tinatawag na kapit sa patalim kaya ang nangyayari maraming buhay ng napupunta sa kawalan, nabibilanggo at namamatay.

Talahanayan 4. **LAGOM NA TALAHANAYAN SA MENSAHE SA MGA TULANG MAKABAYAN NI AVHERNANDEZ**

MENSAHE	Bayani	Kung Tuyo na ang Luha Mo Aking Bayan	Isang Dipang Langit	Panata ng Kalayaan	Banyaga	Ang Pandaay	Mahatma Ghandi	Lupa	Bonifacio	Tinapay	Kabuan
1. Ang manggagawa ay bayani, sandigan ng kaunlaran	1										1
2. Walang silbi ang taong hindi manggagawa	1										1
3. Nararapat igalang at kilalanin ang mga karapatan ng manggagawa	1										1
4. Pagiging matatag sa kabila ng pang-aapi sa mga dayuhan		1									1
5. Hindi dapat sumuko at huwag mawawalan ng pag-asa sa buhay			1	1				1			3
6. Paninindigan sa tama at matuwid				1							1
7. Huwag yumukod o magpaalipin sa mga dayuhan				1							1
8. Mahalin ang sariling bayan					1						1
9. Ang halaga ng tao/bagay ay hindi nasusukat sa panlabas na anyo						1					1
10. Dapat magkaisa lalo na sa panahon ng kagipitan at pakikipaglaban						1					1
11. Pagiging matapat na pinuno							1				1
12. Bawat kaapihan ay may hangganan									1		1
13. Pagbibigay halaga sa ating mga bayani									1		1
14. Pagpapahalaga sa kalayaan									1		1
15. Hindi lahat ng gumagawa ng labag sa batas ay masasama									1		1
16. Maraming buhay ang nasasayang dahil sa kahirapan									1		1

## KONGKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito nakuha ang mga sumusunod na kongklusyon at implikasyon. Sa panahon na isinulat ni AVHernandez ang kanyang mga tula ang bayan ay nasa ilalim ng di-makataong lipunan at hawak ng mga mapag-imbong na maykapangyarihan. Masasabing supil ang mga karapatang pantao ng mga mamamayang Pilipino gaya ng mga karapatan na nakasaad sa saligang batas. Puno rin sa imahinasyon dahil sa kanyang paggamit ng mga tayutay, larawang diwa o simbolismo upang maipakita kung gaano naghirap ang mga mamamayang Pilipino sa kanyang panahon. Kaya siya ay sumulat ng mga tula upang gisingin ang kamalayan ng mga Pilipino at maipakita ang kanilang pagmamahal sa bayan. Huwag matakot na lumaban sa mapaghusgang lipunan upang hindi mapagsamantalahan. Sa lipunan o anumang organisasyon ay kailangan ang pinuno o lider na may paninindigan hindi lamang sa salita kundi sa kanyang gawa.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at mga konklusyon ay iniharap ang mga sumusunod na rekomendasyon: Gawing lunsaran sa pagtuturo sa mga asignaturang Panitikan at Retorika at maging sa Edukasyong Pagpapahalaga, Kasaysayan at Agham Panlipunan sa pagtalakay sa mga karapatang pantao nang magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral sa karapatang pantao upang hindi maging mangmang sa lipunang kinabibilangan. Gawing lunsaran ang mga tula ni AVHernandez sa pagtuturo ng tayutay, larawang-diwa at simbolismo upang malinang ang kaalaman at kakayahan sa pagsulat ng iba't ibang paraan ng malikhaing pagpapahayag.

### Pasasalamat

Isang taos-pusong pasasalamat ang ipinaabot ng mananaliksik sa lahat ng tumulong at naglaan ng oras upang maisakatuparan ang gawaing ito. Sa mga taong naging gabay niya sa pagsulat ng papel na ito; nagbigay ng moral at pinansyal na suporta. naging inspirasyon ng mananaliksik- ang kanyang kabiyak, Perrain+; mga anak, Perreine Paul, Raine Ryan, Kirsten Riyana. Higit sa lahat, sa Poong Maykapal na nagbigay na lakas at sigla ng pang-unawa, na siyang pinagmulan ng lahat. . . pinagmulan ng buhay.

### Mga Tala

Amelia C. Cruz. "Mga Piling Tula ni Patrocinio Villafuerte: Isang Pagsusuri", (Di-limbag na tesis, kaguruan ng Paaralang Gradwado, University of Rizal System, Morong Rizal, 2006.

Elenita M. Sigua. "Mga tula Bilang likhang sining ni Cirilo H. Panganiban: Pamantayan ng buhay", (Di-nalimbag na tesis, Pamantasan ng Araullo, Lungsod ng Cabanatuan. 2000)

Erickson Nepumoceno"Realidad ng Buhay na Kaugnay ng mga tual ni Hernandez", (Di-nalimbag na Tesis, Araullo University, Cabanatuan City. 2002).

Fausto B. Paz. "Ang Kamalayang Panlipunan sa imang Maikling Kuwento ni Amado V. Hernandez", (Di-Limbag na Tesis, Pamantasan ng Araullo, Lungsod ng Cabanatuan. 1999).

Marilou D. Hallazgo Samson. "Pagsusuri at Pagpapahalaga sa mga Piling Tula ni amado V. Hernandez: tema, kaugnayang pantao at istilo", (Di nalathalang tesis, kolehiyo ng Cagayan Capitol, Lungsod ng Cagayan de Oro, 2000.

Milagros B. Macaraig. *Sulyap sa Panulaang Pilipino*. Lungsod ng Quezon: Rex Book Store Inc., 2004

Mark Edwin T Sapa. "Ang PULitika at Panlipunang Pilosopiya ni Renato Constantino" (Di-Limbag na Tesis, Pamantasang De La Salle, Manila. 1999).

Lazaro V. Mendiola,., " *Kritisismo*": *Teorya at Paglalapat*. Quezon City: Rex Book Store Inc. 1994

Sofia Sto. Domingo Quibio. "REalismo sa Sampung Maikling Kuwento ni Liwayway Arceo", (Di-limbag na tesis, Meycauayan College, 1999.

Villafuerte, Patrocinio U., *Panunuring Pampanitikan*, , Valenzuela City: Mutya Publisihing House, 2000

Tumangan, Alcomister P., "*Lipunang Makatao*", *Sining ng Pakikipagtalastasan*. Manila: National Book Store Inc., 1986